

ANG PAGBUBUO NG ISANG SANGGUNIANG BALARILA NG FILIPINO

FE T. OTANES

Philippine Normal College

1. PARA KANINO?

Ang unang dapat nating itanong, kung tayo ay bubuo ng isang Sangguniang Balarila (SB) sa Filipino ay: Para kanino? Tulad ng paggawa ng alinmang produkto, kailangang itanong kung sino ang gagamit ng aklat na iyon.

Kung ating susuriin ang lawak ng mga maaaring mangailangan ng SB sa Filipino, ay may dalawang pangkat na matutukoy natin:

1. Mga dalubwika, o mga taong may mataas na kaalaman sa lingguwistika at mga iba pang larangan ng pagsusuri ukol sa wika--Dami: Kakaunti
2. Mga ordinaryong mambabasa, na may sariling dahilan upang sumangguni sa isang SB:
 - a. Mga guro sa Filipino: upang makatulong sa kanilang pagpapaliwanag ukol sa wikang kanilang itinuturo--Dami: May kalakihan.
 - b. Mga sumusulat ng batayang aklat o *textbooks* na magagamit sa iba't ibang antas ng elementarya, sekundarya, at tersarya sa edukasyon--Dami: Mas marami kaysa mga dalubwika ngunit mas kaunti kaysa mga guro.
 - c. Mga gagawa ng mga bagong diksyunaryo at iba pang aklat para sa publiko (mga aklat na komersiyal)--Di gaanong marami: maaaring maging mga dalubwika rin ang iba sa kanila.
 - d. Mga mag-aaral ng Filipino, lalo na iyong mga nasa mataas na paaralan at sa mga kolehiyo at unibersidad: Napakarami.

Makikita natin, kung gayon, na sa mga magiging mambabasa ng isang SB sa Filipino, ay nakararami ang mga hindi dalubwika. Ang mga huling nabanggit ay hindi

siyang 'target reader' ng isang SB, sa dahilang, una: kung may interes sila sa Filipino, ay may sarili silang kakayahan upang humanap ng impormasyong kailangan nila; at ikalawa, may kani-kaniyang espesyalisasyon ang mga dalubwika; karamihan sa kanila ay walang pangangailangan sa impormasyong maipalalaman sa SB, at kung gagamitin man nila iyon ay upang maging pundasyon lamang ng kanilang mga sariling pananaliksik.

Batay sa pagsusuri sa itaas, ang kongklusyon na maibibigay natin ay ganito: ang nilalaman at paraan o estilo ng pagsulat ng isang SB ay dapat na ituon sa kakayahan at pangangailangan ng isang ordinaryong mambabasa, at hindi ng isang pantas sa pagsusuri ng wika.

2. ANONG IMPORMASYON?

Ang ikalawang tanong na dapat nating masagot ukol sa isang binabalak sa SB ay: Anong uri ng impormasyon ang dapat makita sa loob nito, na masasagunin ng iba't ibang uri ng mga ordinaryong mambabasa?

Ang kasagutan ay maaaring ibatay sa mga *function* o gamit ng isang wika, na gaya ng sumusunod:

- a. Pakikipagtalastasang pasalita (oral)
- b. Pakikipagtalastasang pasulat

Kaugnay ng ikalawang tanong ay ang isa pang tanong: May ibang uri ba ng aklat o sanggunian na makakapagbigay ng isang gayong uri ng impormasyon?

Halimbawa: Pagbaybay at pagbigkas ng mga salita--diksyunaryo
 Paraan ng pagtuturo ng isang liksyon sa wika--batayang aklat o *textbook* at manuwal ng guro; mga *lesson plan*.

Kung gayon, may iba't ibang aklat at kagamitang masasagunin upang masagot ang mga partikular na tanong ukol sa wika, at hindi kailangang isang SB ang buuin, kung ang layunin ay masagot ang mga tanong na ito.

Ang isang SB, kung ganoon, ay sumasagot, hindi sa mga partikular na tanong, kundi sa panlahat (*general*) na impormasyon ukol sa wika, at sa lalong tiyak na salita, ukol sa *sistema* ng isang wika.

3. PAANO?

Kung ang sistema ng isang wika ang siyang dapat paksain sa isang SB, paano matatalakay ang sistemang ito upang maunawaan ng isang ordinaryong mambabasa?

- a. *Mga katawagan:* Maunlad na ang larangang pananaliksik ukol sa wika, subalit kadalasan, ang mga bunga ng pananaliksik na ito ay nalalahad sa lengguwahe ng mga dalubwika. Maraming mga katawagang teknikal ang ginagamit ng mga mananaliksik upang ang mga duda o kalabuan ukol sa kanilang tinutukoy ay maiwasan. Halimbawa, ang salitang *tunog* ay malabo; maraming uri ng *tunog*, subalit kapag sinabing *ponema* o *intonasyon*, maliwanag ang kahulugan sapagkat ang bawat katawagang ito ay may depinasyon at ang ilan ay nagkaroon na ng istandardisasyon, na kapag ginamit ng isang dalubwika ay maliwanag na ang kahulugan sa ibang dalubwika. Alam natin na sa iba pang larangan ng pananaliksik (halimbawa ay sa medisina o sa agrikultura) ay mayroon ding mga teknikal na salita na ang mga nabibilang lamang sa larangang iyon ang nakaiintindi.

Tanong: Paano gagamitin sa isang SB ang mga katagang teknikal ukol sa wika?

Sagot: Ito ay hindi masasagot ng isang tao lamang, o nang minsanan lamang. Nangangailangan ng maraming pag-aaral upang matiyak kung ang bawat isang katawagan o lupon ng mga katawagan ay matatanggap ng nakararami sa mga mambabasa ng isang SB. Kung ating ihabambing na naman sa isang produkto, kailangan ng 'testing' ang mga sampol.

Ang pagsulat ng isang SB, kung gayon, ay isang patuloy na gawain, hindi lamang sa dahilang mahirap na tiyakin nang minsanan kung anong anyo ng wika ang matatanggap, kundi dahil pa rin sa ang wika at ang mga gumagamit ng wika ay patuloy na nagbabago. Patuloy na pagsulat at patuloy na pag-'testing' ang kailangan, at hindi kapag nalimbag na ang unang edisyon ng SB ay tapos na ang gawain. Tatlong bagay ang dapat na subaybayan ng anumang ahensya na mabibigyan ng antas na bumuo ng SB ng Wikang Filipino:

1. Ang pag-unlad o pagbabago ng wikang Filipino;
2. Ang pag-unlad ng larangan ng lingguwistika, na habang lumalakad ang panahon, ay nagbibigay ng mga bagong pananaw ukol sa wika;
3. Ang maaaring pagbabago ng mga damdamin ng mga mamamayang Pilipino ukol sa paraan ng pagpapalawak ng Filipino;

Halimbawa: ang kanilang damdamin ukol sa pang-hihiram ng mga salita buhat sa mga wikang banyaga.

Dahilan: Ang kasalukuyang henerasyon ay papalitan ng mga bagong henerasyon, na maaaring iba ang maging damdamin ukol sa wika, kaugnay ng kanilang damdamin ukol sa iba pang panig ng pamumuhay sa bansa. Maaaring sa kasalukuyang henerasyon ay marami ang magsasabi na ang nasyunalismo ay walang kinalaman sa panghihiram ng mga salita; maaari namang para sa mga susunod na henerasyon ay maging matibay ang pagkakaugnay ng nasyunalismo at ng wika.

Ang isang konsiderasyon sa pagpili ng mga teknikal na termino na gagamitin sa isang SB sa Filipino, ay ang pagkakaroon na sa kasalukuyan ng mga katawagan pambalarila, bunga ng matagal na ring pagtuturo sa mga paaralan ng wikang Tagalog o Pilipino, sa ilalim ng pagsubaybay ng Linangan ng mga Wika sa Pilipinas. Marami na sa mga Pilipinong nakapag-aral ang nakauunawa sa mga katawagang *balarila*, *pangalan*, *pandiwa*, *sugnay*, *pangungusap*, at iba pa. Kung ating kalilimutan ang mga katawagang ito at bubuo tayo ng ganap na bagong mga katawagan, ay para na nating itinaon ang maraming taong karanasan at kasanayan sa pagtuturo ng wika. Magsisimula na naman tayo sa *zero* kung ang kaalaman ng mga guro ang pag-uusapan; at ang lahat ng mga kasalukuyang aklat ay hindi na magagamit. Madaling palitan ang mga aklat, ngunit ang kaisipan ng tao ay mahirap baguhin, lalo na ang kaisipan ng mga guro na matagal nang nasanay sa paggamit ng mga katawagang galing sa Balarila, na siyang opisyal na gramatika o SB ng wikang pambansa sa mga nakaraang panahon. Sa aking palagay, tayo ay dapat na maging konserbatibo sa pagpapalit ng mga katawagang teknikal ukol sa wikang pambansa. Marami sa mga katawagang ito ang hindi na kailangang baguhin, o kung mangangailangan man ng pagtutuwid bunga ng mga mas maunlad na kaisipang dulot ng lingguwistika, ay bahagya na lamang na pag-aayos o bagong pagpapaliwanag ang kailangan. Sa lalong teknikal na salita, tayo ay mayroon nang nasimulan na *metalanguage* ukol sa wikang Pilipino, na kailangan na lamang palawakin upang maging angkop sa paglalarawan ng sistema ng wikang pambansa na tinatawag nating Filipino. Sa astronomiya, sa kabila ng mga kaunlarang siyentipiko, ay mga pangalang mga Griyego

at Latin pa rin ang ginagamit sa mga planeta ng mga kasalukuyang mananaliksik sa larangang ito. Kung bago sa isang antigong bahay, ay nireretoke na lamang at pinatitibay, sa halip na lubusang buwagin at palitan ng bago, upang patuloy na makilala at pahalagahan pa rin ng mga dating naninirahan sa bahay na iyon at maging ng mga bagong henerasyon.

- b. *Mga paksa:* Hindi lamang ang mga katawagan ang maaaring panggalingan ng kahirapan ng pagbasa ng isang SB para sa isang ordinaryong mambabasa, kundi ang mismong nilalaman nito. Ang dahilan ay sapagkat marami nang paraan ng pagtanaw sa isang wika--iba't ibang modelo, wika nga, ng paglalahad ng kabuuan ng isang wika. May modelong istruktural, na binibigyang pangunahing halaga ang anyo o porma ng isang wika: halimbawa ay ang interpretasyon ng iba't ibang tunog na naririnig sa pagbigkas nito; ang kahulugan ng iba't ibang porma ng mga salita, (halimbawa ay kung simple o nabubuo ng iba pang salita); ang kahulugan ng mga uri ng pangungusap at ng mga sangkap nito. Sa modelong ito, maliit ang agwat ng anyo at ng kahulugan ng anyong ito. May iba namang modelo, gaya ng modelong transpormasyonal, na may mga masalimuot na pagkakasunod-sunod ng mga alituntunin na dapat maunawaan, upang makita ang kaugnayan ng porma ng isang pangungusap sa kahulugan nito; may *deep structure* at may *surface structure*. Sa pinakabagong bersyon nito, ayon sa Noam Chomsky, na siyang dalubwikang nag-imbento o dumiskubre ng modelong ito, wala nang *deep structure*, at *surface structure* na lamang ang kailangang kaisipan o konsepto upang maipaliwanag ang balangkas ng wika--subalit masalimuot pa rin ang teorya at nangangailangan pa rin ng pag-aaral ng kapwa dalubwika upang maintindihan at maipaliwanag ito sa mga ordinaryong mambabasa. May halos dalawampu o higit pang teorya na magagamit, at isang problema ang pagpili ng teorya na magdadala ng mga paliwanag ukol sa mga sangkap ng isang wikang gaya ng Filipino.

Gaya ng pagpili ng mga katawagan, ang pagpili ng teoryang gagamitin ay hindi simpleng pagpapasiya; hindi kasing simple ng pagpili ng arkitektura o planong gagamitin sa pagtatayo ng isang gusali--sapagkat ang kaisipan ang siyang instrumentong gagamitin sa pag-unawa ng teoryang ito. Mas masalimuot, mas mahirap intindihin. Ang karaniwang ginagamit na solusyon sa problemang ito ay ang tinatawag na *eclecticism*; o ang pagiging maluwag sa paggamit ng mga bahagi ng iba't ibang teorya. Ito man ay hindi isang simpleng pamimili lamang, sapagkat kung hindi mag-iingat ay baka lalong maging masalimuot ang pagpapaliwanag. Ang eklektisismo ay isang makatuwirang pagpili ng mga sangkap ng teorya, at hindi nangangahulugang basta dampot dito at dampot doon ng mga kaalaman, na hindi maipaliwanag kung bakit ito at hindi iyon ang dinampot.

Bakit nga ba kailangan pa ang paggamit ng teorya? Sapagkat ang teorya ang magbibigay ng kaayusan sa isang pagpapaliwanag. Ang isang guro ng wika na nakaiintindi ng teorya ng wika ay bihirang gagamit ng sagot sa tanong ng mag-aaral, na: 'Talagang ganoon ang wikang Filipino; huwag kang tanong ng tanong, basta't sumunod ka na lamang'. O kaya ay, 'Mali iyon, sapagkat walang euphony'. Ang kailangang paliwanag ay kung bakit walang euphony at kung bakit mali; teorya lamang ang magbibigay solusyon sa sirkular na pangangatwiran na: Mali, sapagkat walang euphony, at walang euphony sapagkat mali. Ang tamang sagot ay mali at walang euphony sapagkat lumalabag sa isang alituntunin ng isang wika, gaya halimbawa ng kung anong uri ng mga klaster, o pangkat ng katinig ang maaaring gamitin sa simula

ng isang salita: sa Tagalog, halimbawa, ay hindi maaaring simulan ang isang salita sa klaster ng *pf*; walang nagsasalita ng Tagalog na magbibigay ng pangalang *pfe* sa isang bagay na nilikha niya, sapagkat lumalabag sa alituntuning nabanggit na. May mga alituntunin ukol sa pagbigkas, sa pagbubuo ng mga salita, at sa pagbubuo at pagbabagu-bago ng anyo ng mga pangungusap, na mabibigyang liwanag ng teorya ng lingguwistika.

Ang kasalukuyang komperensya ay tungo sa pagbubuo ng isang *agenda* o palatuntunan ng pananaliksik ukol sa intelektuwalisasyon ng Filipino; iminumungkahi ko na isama sa *agendang* ito ang pagbubuo ng pasiya ukol sa paggamit ng mga teorya ng lingguwistika sa isang SB. Kung paanong ang larangan ng medisina ay nabibigyang giya o patnubay ng mga teorya ukol sa balangkas ng katawagan ng tao at ng mga kemikal na bumubuo dito, gayon din, ang larangan ng wika ay nabibigyang liwanag ng teorya ukol sa balangkas ng wika at kung paano ginagamit ito ng mga nagsasalita ng wikang iyon. Alam ng mga dalubwikka ang mga teoryang ito; ang problema ay kung paano gagamitin upang ang wikang Filipino ay magamit ng wasto ng mga nag-aaral nito.

- c. *Ang wika*: Hindi lamang ang pagpili ng katawagan at ang pagpili ng teoryang gagamitin sa isang SB ang problema; problema pa rin ang pagpapasiya ukol sa aling uri ng wika ang ipalalaman sa isang SB. Kung tatanggapin na ang Filipino ay batay sa Pilipino, na ibinatay sa Tagalog, napakarami na ngayong uri ng Tagalog, ayon sa lugar at sa situwasyong pinaggagamitan. Iba't iba ang Tagalog, o Filipino, na maririnig ngayon sa Maynila, sa Dabaw, sa Zamboanga, bagama't ang mga pagkakaibang ito ay hindi sapat upang lubos na makasagabal sa pag-unawa ng mga nagsasalita sa isa't isa. Pagkatapos ng ilang minuto ng pakikinig sa isang nagsasalita ay nauunawaan na, halimbawa, na ang ibig sabihin ng *nakain* ay *kumakain* at ang ibig sabihin ng *Yayao na ako* ay *Aalis na ako*. May sariling katangian din ang Tagalog ng mga sabungero (ang Kristo sa kanila ay hindi ang anak ng Diyos), gayon din ang mga magsasaka, mga mangingisda, at mga nasa iba't ibang uri ng hanapbuhay. May mga paraan ng pagpapahayag na tatanggapin sa bulwagan ng Malakanyang; may mga paraan naman na mas kailangan sa palengke upang makatawad sa presyo ng gulay o isda.

Mailalagay kaya sa isang SB ang lahat ng impormasyong ganito ukol sa wikang Filipino? Sa aking palagay, mahirap lamang sagutin ito kung ating iniisip na ang isang SB ay nabubuo lamang ng makikita sa pagitan ng dalawang takip ng isang libro. Ang isang SB, gaya ng isang ensayklopedya, ay maaaring buuin ng maraming aklat. At mas ganap ang impormasyong napapalaman dito, mas maraming tulong ang magagawa ng SB sa mga mangangailangan ng impormasyon; nasa kanila ang pagpili ng kailangan nilang ulat; nasa mga susulat ng SB naman ang paghahain ng maraming uri ng kaalaman ukol sa Filipino: ang mga sariling katangian ng iba't ibang dayalekto nito at kung saan matatagpuan, ang mga register nito, o uri ayon sa situwasyon at sa hanapbuhay ng mga gumagamit, na ang paraang gagamitin, hangga't maaari, ay ang pagbibigay ng mga alituntunin, gaya ng nasabi na sa itaas.

Kapag alituntunin ang binanggit, ay hindi nangangahulugang alituntunin ayon sa personal na pag-iisip ng dalubwika ukol sa kung ano ang dapat. Ang alituntuning dapat ipalaman sa isang SB ay iyong nauukol sa mga paraan ng paggamit ng wika na makikita o madidiskubre sa pamamagitan ng

obserbasyon ng mga nagsasalita o sumusulat ng wikang iyon--sa madaling salita, bunga ng pananaliksik at hindi bungang-isip.

Isang tinatawag na *dialect geography* ang dapat na maging kakambal ng isang SB. Ito ay mga mapa ng bansa na nagbibigay ng impormasyon kung saan ang hangganan ng iba't ibang dayalekto ng Filipino.

4. ALING WIKA?

Ipinagpahuli ko ang marahil ay siyang pinakamahalagang tanong: Kung ano nga ang wikang Filipino. Ang tanong na ito ay sinimulan nang sagutin ng ating bansa sa pamamagitan ng naaprobahang Konstitusyon nito: ang pagbubuo ng isang Komisyon ukol sa wika. Kinikilala kung gayon na ang kasagutan dito ay hindi matatamo ng pananaliksik lamang, kundi ng isang desisyon ng mga taong siyang bibigyan ng karapatang magpasiya ukol dito. Ang atin na lamang ipananalangin ay sana ay sumangguni ang mga taong ito sa mga mananaliksik ukol sa wika, upang ang kanilang desisyon, hangga't maaari, ay mabatay sa katotohanan, at hindi sa pangarap. Sapagkat ang mga naghihintay sa desisyong ito ay mga totoong mga tao: mga mamamayan, mga guro, mga mag-aaral, at iba't iba pang sektor ng lipunan; ang mga taong ito ang siyang maaapektuhan ng anumang desisyon na bubuun ng Komisyon ng Wikang Pambansa. Ang mga tao ring ito ang siyang magpapasiya kung kanilang maiibigan at tatanggapin ang desisyon; sapagkat kung hindi ay masasayang lamang ang mga salapi at oras na gugugulin sa paglinang ng wikang Filipino. Dapat nating alalahanin na sa ngayon ay patuloy pa rin silang gumagalaw at nakikipagtalastasan sa pamamagitan ng mga wikang kinagisnán na nila. Sana sa pamamagitan ng tamang desisyon, ay huwag mangyari sa wikang Filipino, na lilinganin pa lamang, ang nangyayari sa wikang Kastila: pinag-aralan ngunit hindi natutuhan.